

▪ *Prepasyo ng Mahal na Virgeng Maria.* Et te in Visitatione (At sa pista ng Pagdalaw...).

Hulyo 2

ANTIPONA SA KOMUNYON

BEÁTA víscera Maríæ Vírginis,
quæ portavérunt ætérni Patris
Fílium.

MAPALAD ang sinapupunan ni Santa Mariang
Virgen, pagka't dinala niya ang walang
hanggang Anak ng Dios Ama.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SÚMPSIMUS, Dómine,
celebritátis ánnuæ votíva
sacraménta: præsta, quæsumus;
ut et temporális vitæ nobis
remédia præbeant et ætérnæ. Per
Dominum.

O PANGINOON, tinanggap na namin ang
banal na sakramento sa taunang pista na ito:
ipagkaloob mo nawa, upang tulungan nawa
kami sa lupang ibabaw at para na rin sa buhay
na walang hanggan. Alang-alang sa Anak Mo, si
Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita kina San Proceso at Martiniani, *mga Martir*:

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

CÓRPORIS sacri et pretiósí
Sánguinis repléti libámine,
quæsumus, Dómine, Deus
noster: ut, quod pia devotióne
gérimus, certa redemptióne
capiámus. Per eúndem
Dóminum.

PUSPOS ng Iyong mahal na Katawan at Dugo,
isinasamo namin sa Iyo, O Panginoong Dios
namin, na ang aming ginanap nang buong
pitagan ngayon ay maging tiyak naming saligan
sa buo naming katubusan. Alang-alang sa Anak
Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

PISTA NG PAGDALAW NG MAHAL NA VIRGEN

Misa "Salve"

II cl. • Doble II cl. • Puti

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Sedulius*

SALVE sancta Parens, eníxa
puérpera Regem: qui coelum
terrámque regit in sæcula
sæculórum. — *Ps 44:2* Eructávit
cor meum verbum bonum: dico
ego ópera mea Regi *V.* Gloria
Patri. Salve.

MALIGAYANG bati sa'yo, O banal na Ina.
Isinilang mo ang Haring namumuno sa langit
at lupa magpakailanman. — *Salmo 44:2* Nag-
uumapaw ang aking puso sa magagandang
pangungusap, habang umaawit ako ng ng isang
tula sa Hari. *V.* Luwalhati sa Ama. —
Maligayang bati...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

FÁMULIS tuis, quaésumus,
Dómine, cæléstis grátiae munus
impertíre : ut, quibus beáta
Vírginis partus éxstitit salútis
exórdium; Visitatiónis ejus
votíva sollémnitas pacis tríbuat
increméntum. Per Dóminum.

IPAGKALOOb mo sa amin, hinihiling namin, O
Panginoon, ang iyong makalangit na grasya:
yamang para sa ami'y naging pasimula ng
kaligtasan dahilan sa pagdadalang-tao ni Santa
Mariang Virgen, ang ipinagdiriwang namin na
pista ngayo'y makapagpalago ng katiwasayan at
kapayapaang pangmatagalan. Alang-alang sa
Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

Sa mga Misang hindi dinadaluhan ng bayan, may paggunita kina San Proceso at Martiniani,
mga Martir.

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui nos sanctórum
Mártyrum tuórum Procéssi et
Martiniáni gloriósis
confessióibus circúmdas et
prótegis : da nobis et eórum
imitatióne proficere, et
intercessióne gaudére. Per
Dóminum.

O DIOS, kinukupkop at nililingap Mo kami
pakundangan sa iyong mga banal na Martir na
sina San Proceso at Martiniano: ipagkaloob
mong tularan nawa namin ang kanilang pagka-
uliran at palangiang magalak sa kanilang
pamamagitan. Alang-alang sa Anak Mo, si
Jesucristong Panginoon namin...

Pagbasa mula sa mga Aklat ng Karunungan.

NARITO, siya'y dumarating, palukso-lukso sa mga bundok, palundag-lundag sa mga burol. Ang aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa. Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng aming bakod, sa mga bintana'y sumisilip, sa mga durungawa'y nagmamasid. Ang aking sinta ay nagsalita, at nagsabi sa akin, “Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis; ang taglamig ay lumipas na; ang ulan ay tapos na at wala na. Ang mga bulaklak ay namumukadkad sa lupa; ang panahon ng pag-aawitan ay dumating, at ang tinig ng batu-bato ay naririnig sa ating lupain. Lumalabas na ang mga bunga ng puno ng igos, at ang mga puno ng ubas ay namumulaklak, ang kanilang bango'y humahalimuyak. Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis. O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL)

BENEDICTA et venerabilis es, Virgo María: quæ sine tactu pudoris invénta es Mater Salvatoris.

V. Virgo Dei Génitrix, quem totus non capit orbis, in tua se clausit viscera factus homo.

Allelúia, allelúia. **V.** Felix es, sacra Virgo María, et omni laude digníssima : quia ex te ortus est sol justítiæ, Christus, Deus noster. **Alleluia.**

PINAGPALA KA'T karapat-dapat igalang, O Birheng Maria! ‘Di ka narungisan ng anumang sala; kaya’t marapat kang naging Ina ng Manliligtas.

V. Birheng Ina ng Poong D’yos, dinala mo at kinupkop nang taimtim at mataos ang di kayang isaloob nitong buong sansinukob.

Aleluya, aleluya! **V.** Magalak ka, O Santa Mariang Virgen, at karapat-dapat ng lahat ng paggalang: sapagka’t mula sa iyong sinapupunan, sumilay ang araw ng katuwiran, ang aming Cristong Poon. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 1:39-47

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHONG IYON: Hindi nagtagal at si Maria'y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa bulubundukin ng Juda. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elizabeth. Nang marinig ni Elizabeth ang pagbati ni Maria, biglang gumalaw ang sanggol sa kanyang sinapupunan at siya ay napuspos ng Espiritu Santo.

Napasigaw siya sa galak, “Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala rin ang dinadala mo sa iyong sinapupunan! Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ko ng iyong pagbati ay gumalaw sa tuwa ang sanggol sa aking sinapupunan. Pinagpala ka, sapagkat sumampalataya kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!” At sinabi ni Maria, “Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, at ang aking espiritu'y nagagalak sa Diyos na aking Tagapagligtas!” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o** Sumasampalatya.

ANTIPONA SA PAG-AALAY

BEÁTA es, Virgo María, quæ ómnium portásti Creatórem : genuísti qui te fecit, et in ætérnum pérmanens Virgo.

MAPALAD ka, O Virgeng Mahal! Sapagka’t dinala mo sa iyong sinapupunan ang Maygawa: iniluwal Mo siya habang nanatili kang Virgen magpakailanman.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

UNIGÉNITI, tui, Dómine, nobis succúrrat humánitas : ut, qui natus de Vírgine, matris integritátem non mínuit, sed sacrávit; in Visitatiónis ejus sollémniis, nostris nos piáculis éxuens, oblatiónem nostram tibi fáciat accéptam Jesus Christus Dóminus noster : Qui tecum vivit.

UMALALAY nawa sa amin, O Panginoon, ang pagiging tao ng Iyong bugtong na Anak, sapagka’t Siyang isinilang mula sa isang Virgen ay hindi nabawasan kundi pinabanal ang kalinisan ng Kaniyang Ina: kaya’t sa pagdiriwang namin ng pista ng Pagdalaw, nawa’y mahango kami sa aming mga sala at maging karapat-dapat ang aming ginaganap na paghahain sa Iyo, sa pamamagitan ng aming Panginoong Jesucristo: Na nabubuhay at naghahari...

Paggunita kina San Proceso at Martiniani, **mga Martir:**

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SÚSCIPE, Dómine, preces et múnera: quæ ut tuo sint digna conspéctu. Sanctorum tuorum précibus adiuvémur. Per Dóminum.

TANGGAPIN mo, O Panginoon, ang aming mga panalangin at alay: nawa’y maging kalugod-lugod ito sa Iyong harapan, at tuwangan nawa kami ng Iyong mga Banal. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...